Maryland State Department of
EDUCATION

IKSAMEN SA MARYLAND

Patnubay ng Magulang sa Pagtasa ng Paaralan ng Maryland para sa mga Grado 3, 5, 8 at 10

Oktubre 2002

Mensahe mula sa Tagapangasiwa ng Estado

Mahal na Magulang o Tagapangalaga:

Alam ko po na gusto ninyo ng pinakamahusay na edukasyong maibibigay sa inyong anak. Para maging matagumpay ang ating mga estudyante sa panahon ngayon, kailangan nila higit kailanman ng mas maraming kaalaman at kakayahang makagawa ng mas marami. Kailangan natin ng kakayahang masukat kung gaano natututo ang inyong anak upang matiyak natin na siya ay may pagkakataong magtagumpay. Kung hindi natin alam ang kabiguan, hindi natin maitatama ito, at kung hindi natin alam ang nakakamit, hindi natin ito mabibigyan ng papuri. Ito ng dahilan kung bakit ang iksamen ay isang mahalagang bahagi ng edukasyon ng inyong anak.

Sa tagsibol na ito sisimulan ng Maryland ang unang yugto ng bagong programang iksamen na tinatawag na **Pagtasa ng Paaralan ng Maryland**. Kung ang naunang programang pagtasa, ang MSPAP, ay nagtuon ng pansin sa pagganap ng **paaralan**, ang ating bagong iksamen ay higit na mag-uukol ng pansin sa **mga indibidwal na estudyante**. Ang bagong iksamen ay papalit sa MSPAP. Ito ay magiging isang mataas na uring iksamen, ayon sa mga pamantayan ng Maryland, na magkakaloob ng tumpak, kapaki-pakinabang, at napapanahong impormasyon tungkol sa indibidwal na estudyante. Ang bagong **Pagtasa ng Paaralan ng Maryland** ay magsasakatuparan ng mga rekomendasyon ng isang pang-estadong lupon ng mga magulang, mambabatas, edukador, at mga lider ng negosyo at komunidad (ang Bisyonaryong Lupon para sa Mas Mabubuting Paaralan) at tutugon din sa mga bagong pederal na iniaatas ng Batas na Walang Maiiwang Bata ni Presidente Bush. Ito ay maglulunsad ng isang bagong dekada ng progreso para sa ating mga estudyante.

Hayaan ninyong magsabi ako ng kaunti tungkol sa bagong iksamen, na ibibigay sa Marso 2003 sa mga estudyante sa mga grado 3,5, at 8 sa pagbabasa at matematika, at sa mga estudyante sa grado 10 sa pagbabasa. Ito ay mas maikli sa MSPAP. Ang bawat estudyante ay magtatrabahong mag-isa, hindi sa mga grupo. Kabilang sa iksamen ang maraming-mapagpipilian at maikling-sanaysay na mga katanungan. Umaasa kami na magkakaroon ng halimbawang iksamen na makukuha sa aming Web site sa mga huling araw ng Nobyembre upang makita ninyo kung ano ang magiging anyo ng iksamen.

Tatanggapin ninyo ang resulta ng iksamen sa inyong anak sa mga huling bahagi ng tag-init ng 2003. Sa mga susunod na taon, ipapadala namin ang mga puntos ng inyong anak bago matapos ang taong pampaaralan. Ang mga puntos ay magpapakita kung paano natututo ang inyong anak ng pagbabasa at matematika na tinukoy sa aming Mga Pamantayan ng Nilalaman ng Maryland. Malalaman din ninyo kung gaano kahusay ang pagganap ng inyong anak kumpara sa ibang mga estudyante sa lahat ng dako ng bansa.

Matatagpuan ninyo ang mga sagot sa "Mga Pinakamadalas Itanong" tungkol sa **Pagtasa ng Paaralan ng Maryland** sa likod ng pahinang ito. Ang karagdagang impormayon tungkol sa **Pagtasa ng Paraalan ng Maryland** ay makukuha sa aming Web site sa marylandpublicschools.org. Mabibigyan kayo ng daan sa pinakahuling impormasyon sa pamamagitan ng pag-klik sa "News Releases" o sa "MSDE-TV," na nagkakaloob ng impormasyon sa isang video format. Hinihimok ko kayo na tingnan ang Web site pana-panahon para sa mga balita tungkol sa ating progreso. Ang inyong lokal na pampublikong aklatan ay isang mahusay na mapagkukunan ng impormasyon at may mga computer at bihasang tauhan na nakahandang tumulong sa inyo. Maaari ring tawagan ninyo kami kung may mga katanungan sa aming Walang-Bayad na Linya Para sa Magulang (1-888-246-0016). Tinitiyak po namin sa inyo na patuloy akong makikipag-ugnayan sa inyo habang kumikilos tayo, na magkakasama, upang pabutihin ang pagtuturo at pag-aaral para sa lahat ng ating estudyante sa Maryland.

Nancy S. Grasmick
Tagapangasiwa ng mga Paaralan ng Estado

MGA PINAKAMADALAS ITANONG

T. (Tanong) Ang iksamen ba ay para lamang sa pagbabasa at matematika?

S. (Sagot) Ang pederal na Batas na Walang Batang Maiiwan ay nag-aatas sa Maryland na kumuha ng iksamen sa pagbabasa, matematika, at agham. Ang iksamen sa pagbabasa at matematika ay magsisimula sa tagsibol ng 2003. Ang iksamen sa agham ay magsisimula sa 2005.

T. Sa anong mga grado unang ibibigay ang mga iksamen?

S. Sa tagsibol ng 2003, ang mga estudyante sa mga grado 3,5, at 8 ay kukuha ng mga iksamen sa pagbabasa at matematika, at ang mga estudyante sa grado 10 ay kukuha ng iksamen sa pagbabasa. Ang mga estudyante sa mataas na paaralan na nagtapos ng geometry ay kukuha ng Pagtasa sa Mataas na Paaralan sa geometry. Ang iksamen sa geometry ay tutupad sa pederal na iniaatas para sa iksamen sa matematika sa mataas na paaralan.

T. Ang ibang mga grado ba ay kailangan ding kumuha ng mga iksamen?

S. Sa tagsibol ng 2004, ang mga estudyante sa mga grado 4, 6, at 7 ay kukuha rin ng mga iksamen sa pagbabasa at matematika. Ang mga iksamen sa agham ay ipapasok sa simula ng tagsibol ng 2005. Ang mga estudyante ng mataas ng paaralan ay kukuha ng katapusan-ng-kurso na Mga Pagtasa sa Mataas na Paaralan sa geometry at biology pagkatapos nila ng mga kursong ito. Ang mga pagtasang ito ay tutupad sa pederal na iniaatas para sa mga iksamen sa mataas na paaralan sa matematika at agham.

T. Ang Pagtasa sa Mataas na Paaralan ay makakaapekto ba sa bagong pederal na iniaatas sa iksamen?

S. Ang mga estudyante ng mataas na paaralan ay aatasan pa rin na kumuha ng Pagtasa sa Mataas na Paaralan. Ang mga ito ay hindi apektado ng pederal na pagbabatas. Ang Maryland ay tumanggap ng pahintulot mula sa Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos upang gamitin ang Pagtasa sa Mataas na Paaralan sa geometry para sa iksamen sa matematika at ang Pagtasa sa Mataas na Paaralan sa biology para sa iksamen sa agham. Ang dalawang iksameng ito ay tumutupad sa pederal na iniaatas para sa iksamen sa matematika at agham sa mataas na paaralan.

T. Gaano karaming oras ang dapat iuukol ng mga estudyante sa iksamen?

S. Ang mga estudyanteng kukuha ng mga iksamen ay gugugol ng humigit-kumulang na 90 minuto bawat araw. May apat na araw ng iksamen—dalawang araw para sa pagbabasa at dalawang araw para sa matematika.

T. Ano-ano ang kabilang sa mga iksamen?

S. Kabilang sa mga iksamen ang maraming-mapagpipilian at maikling-sagot na mga tanong. Ipatatapos mag-isa sa bawat estudyante ang lahat ng tanong sa iksamen. Walang gawaing para sa grupo.

T. Ang mga estudyante bang tumatanggap ng mga serbisyong espesyal na edukasyon ay kukuha ng mga iksamen?

S. Ang mga estudyanteng tumatanggap ng mga serbisyong espesyal na edukasyon ay kukuha rin ng mga iksamen, maliban ang Programang Edukasyong Ibinabagay (IEP) ay nagsasaad na ang kukunin nila ay IMAP, isang pamalit na pagtasa. Ang mga tulong para sa Pagtasa ng Paaralan ng Maryland ay kaayon ng mga ipinagkakaloob sa pagtuturo at iksamen sa silid-aralan at nakatalaga sa IEP para sa isang estudyanteng may kapansanan o sa mga plano para sa estudyanteng karapat-dapat sa 504 o limitado ang kasanayan sa Ingles.

T. Makikita ba ng publiko ang mga kopya ng mga iksamen?

S. Ang mga halimbawang iksamen ay inaasahang makuha sa aming Web site (marylandpublicschools.org) sa mga huling araw ng Nobyembre.

T. Kailan makukuha ang mga puntos pagkatapos kumuha ng mga iksamen ang mga estudyante?

S. Ang mga puntos sa iksameng ibibigay sa Marso 2003 ay inaasahang makuha sa mga huling araw ng tag-init. Sa mga susunod na taon, ipapadala namin ang inyong mga puntos ng inyong anak bago matapos ang taong pampaaralan.

T. Ano ang ipababatid ng mga puntos?

A. Ang mga puntos ay magpapabatid ng dalawang bagay: Gaano natututo ang estudyante sa pagbabasa at matematika na ipinasiya ng Maryland na dapat malaman ng lahat ng estudyante, at gaano natututo ang estudyante sa pagbabasa at matematika kumpara sa ibang mga estudyante sa bansa.

T. Paaano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga pamantayan sa nilalaman, mga inaasahang akademiko, o ibang mga pagtasa?

S. Tingnan ang Web site ng Kagawaran ng Edukasyon ng Maryland sa marylandpublicschools.org. Doon ay makukuha ninyo ang mga pinakahuling balita o mag-klik sa sagisag ng telebisyon para sa "MSDE-TV," na nagbibigay ng impormasyon sa isang video format. Makakakuha rin kayo ng impormasyon mula sa inyong lokal na pampublikong aklatan, na may mga computer at bihasang tauhan upang tulungan kayo.

Tawagan ang punong-guro ng inyong paaralan o ang linya para sa pampublikong impormasyon ng MSDE sa 1-888-246-0061 o 410-767-0600.

Ang mga karagdagang publikasyon, kabilang ang isang hanbuk para sa mga magulang, ay makukuha sa malapit na hinaharap.

Maryland State Department of
EDUCATION

Opisina ng Paaralan at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad
2000 W. Baltimore Street
Baltimore, MD 21201

marylandpublicschools.org

Nancy S. Grasmick,
Tangapangasiwa ng mga Paaralan ng Estado

Marilyn D. Maultsby, Presidente,
Lupon ng Edukasyon ng Estado

Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland ay hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, kasarian, edad, bansang pinagmulan, relihiyon, o kapansanan sa mga bagay na nakakaapekto sa pagtatrabaho o sa pagbibigay-daan sa mga programa. Para sa mga katanungan na may kinalaman sa patakaran ng kagawaran, makipag-alam sa Equity Assurance and Compliance Branch, Maryland State Department of Education, 200 West Baltimore Street, Baltimore, Maryland 21201, telepono: 410-767-0425, TTY/TDD 410-333-6442, fax: 410-333-2226.